Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagbigay ng kategorya ng pangngalan

Panuto: Isulat sa patlang kung ang pangngalang may salungguhit ay ngalan ng *tao*, *hayop*, *bagay*, o *pook*.

_____ 1. Gumising nang maaga si Juan.

_____ 2. Ang manok sa bakuran ay tumitilaok.

_____ 3. Si Ate Lara ay nagluluto ng masarap na pagkain.

_____ 4. May pasok ang tatay ni Juan sa opisina.

_____ 5. Si Nanay ay pupunta sa bangko mamaya.

_____ 6. Inihanda ni Juan ang kanyang bagong uniporme.

_____ 7. Ito ang unang araw ng pasukan sa Saint Anthony School.

_____ 8. Pinakain ni Juan ang kanyang alagang aso na si Max.

_____ 9. Dala ni Juan ang kanyang mga aklat at kuwaderno.

_____ 10. Nagpaalam siya sa kanyang mga magulang bago siya umalis.

_____ 11. Si Juan ay bumili ng baon pangmeryenda sa tindahan.

_____ 12. Sumakay sa dyip ang mga taong nakapila sa bangketa.

_____ 13. Nakasabay ni Juan sa dyip ang kamag-aral niya na si Carlo.

_____ 14. Sabay silang naglakad papunta sa kanilang silid-aralan.

_____ 15. Pagpasok ni Binibining Sarah, binati siya ng mga mag-aaral.